



# COVID-19: Isang patnubay para sa temporary foreign workers sa Canada

---

- [Seksyon 1: Ano ang COVID-19 \(coronavirus\)](#)
- [Seksyon 2: Ano ang dapat mo malaman bago ka umalis sa iyong bansa](#)
- [Seksyon 3: Ano ang dapat malaman sa iyong pagdating at panahon ng quarantine sa Canada sa simula](#)
- [Seksyon 4: Ano ang dapat malaman para sa buong panahon ng iyong paninirahan sa Canada](#)
- [Seksyon 5: Suporta sa income sa panahon ng COVID-19](#)
- [Seksyon 6: Pagpapalit ng trabaho](#)
- [Seksyon 7: Mga makokontak kung may mga katanungan o kung nangangailangan ng tulong na may kinalaman sa COVID-19](#)
- [Seksyon 8: Mga makokontak upang ireport ang iyong employer dahil hindi niya nirerespeto ang COVID-19 requirements](#)

## Seksyon 1: Ano ang COVID-19 (coronavirus)

Ang COVID-19 ay nagdudulot ng respiratory infection (impeksyon sa baga).

### Ang mga sintomas ng COVID-19

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay kadalasang katulad ng ibang mga sakit. Ang mga taong may sakit ng COVID-19 ay may mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, kahirapang huminga, sobrang kapaguran o panghihina, mga pananakit ng kalamnan o ng katawan, kawalan ng pangamoy o panlasa, pananakit ng ulo, diarrhea, o pagsusuka. Ang mga sintomas ay maaring banayad na banayad o mas malubha. Kung mayroon kang COVID-19, maaring mayroon kang kaunting sintomas o walang anumang mga sintomas, pero **maari mo pa rin mahawahan ang iba**. Kung ikaw ay may sakit ng COVID-19, maaring wala kang mga sintomas hanggang sa 14 na araw pagkatapos mo magkasakit.

### Paano kumakalat ang COVID-19

Ang COVID-19 ay karaniwang ikinakalat ng isang impektadong tao sa pamamagitan ng:

- droplets o mga patak ng likido kapag ang tao ay nagsasalita, kumakanta, sumisigaw, umuubo, o bumabahing
- mas maliit na droplets na paminsan-minsan ay tinatawag na aerosols; ito'y nananatili sa hangin
- malapit na personal contact, tulad ng paghawak o paghipo, o kapag nagkamayan
- paghipo sa isang bagay na may virus, at pagkatapos ay paghipo sa iyong mga mata, ilong, o bibig bago mo hugasan ang iyong mga kamay
- pakikigamit ng mga tinidor, kutsara, o mga lalagyan ng inumin



## Paano itigil ang pagkalat ng COVID-19

- Limitahan ang iyong contact o pakikisalamuha sa iba, at panatilihing maliit ang iyong grupong nakikita
- Laging magpanatili ng kahit man lamang 2 metrong distansiya mula sa ibang mga tao
- Magsuot ng mask kapag ikaw ay nasa loob kasama ng iba, sa publiko, o kapag malapit ka sa ibang mga tao
- Takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang iyong braso kapag ikaw ay umuubo o bumabahing
- Madalas na hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang kahit 20 segundo man lamang, o kaya'y gumamit ng alcohol-based hand sanitizer kung walang sabon at tubig na available
- Iwasan ang paghipo sa iyong mukha
- Madalas na linisin at i-disinfect ang mga ibabaw

Ang mga sumusunod na setting ay lalo nang risky o mapanganib para sa pagkalat ng virus:

- mga saradong lugar
- mga lugar kung saan maraming tao
- mga setting kung saan halos dikit-dikit ang mga tao at malapit ang mga taong kausap mo

Mas malaki ang iyong risk na magkaroon ng mga malubhang problema sa kalusugan na may kinalaman sa COVID-19 kung ikaw ay 65-taong-gulang o mas matanda, o kung mayroon kang ilang mga takdang medikal na kondisyon. Ang ilang mga halimbawa ng mga medikal na kondisyon na ito ay:

- sakit sa puso
- hika
- pangmatagalang sakit sa bato
- katabaan
- mataas ang presyon
- sakit sa baga
- diyabetis, o kaya
- kanser

Mas malaki rin ang iyong risk na magkaroon ng mga malubhang problema sa kalusugan na may kinalaman sa COVID-19 kung mahina ang iyong immune system, tulad ng kung ikaw ay nagpagamot gamit ang chemotherapy.



## Seksyon 2: Ano ang dapat mo malaman bago ka umalis sa iyong bansa

Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19, hindi ka papayagang sumakay sa eroplano.

Mayroong tatlong requirement para makasakay ka sa eroplano:

- laging magsuot ng mask na tumatakip sa iyong bibig at ilong
- katunayan ng negative PCR COVID-19 test (test sa loob ng 72 oras ng nakaiskedyul na oras ng paglipad ng iyong flight patungo sa Canada)
- katunayan na ikaw ay nagrehistro sa ArriveCAN (tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon)

Ang requirements ay maaring magbago kahit kailan dahil mabilis na nagbabago ang sitwasyon ng COVID-19. Mangyaring madalas na bisitahin ang [resources ng Pamahalaan ng Canada sa COVID-19](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19.html) (<https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19.html>) upang makuha ang pinakabagong impormasyon.

Kung wala kang mga sintomas ng COVID-19, dapat mong:

- i-verify sa iyong employer (o sa iyong Ministry of Labour, kung ikaw ay nasa SAWP) na available pa ang iyong trabaho
- basahin ang email na natanggap mo mula sa Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) at sundin ang kanilang payo
- i-check ang spelling ng iyong pangalan sa lahat ng mga dokumento na natanggap mo mula sa IRCC. Kung may mali, sabihin ito sa IRCC sa lalong madaling panahon. At i-check kung tama ang impormasyon sa iyong work permit nang inisyu ito sa Port of Entry
- mag-pre-register para sa testing pagdating mo sa Canada oras na nag-book ka na ng iyong flight, maliban kung ispesipikong sinabi sa iyo na ang pre-registration ay ginawa na o gagawin para sa iyo. Ire-require kang magpa-test bago umalis ng airport kapag nasa Canada ka na:
  - mag-register para sa arrival sa Vancouver International Airport
  - mag-register para sa arrival sa Calgary International Airport
  - mag-register para sa arrival sa Toronto Pearson International Airport
  - mag-register para sa arrival sa Montreal-Trudeau International Airport

**Dapat mong gamitin ang ArriveCAN upang ibigay ang mandatory travel / quarantine information sa at pagkatapos ng iyong entry sa Canada.** Mangyaring konsultahin ang [Mga COVID-19 na restriksyon, eksempsiyon, at payo sa pagbiyahe ng Pamahalaan ng Canada](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/2019-novel-coronavirus-infection/latest-travel-health-advice.html) (<https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/2019-novel-coronavirus-infection/latest-travel-health-advice.html>).



Gamitin ang ArriveCAN sa pamamagitan ng pag-sign in online o pag-download ng mobile app sa Google Play o sa Apple App store. Kailangang mayroon kang email address upang gamitin ang ArriveCAN. Mangyaring konsultahin ang [ArriveCAN \(https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19/splash-arrivecan.html?utm\\_campaign=not-applicable&utm\\_medium=vanity-url&utm\\_source=canada-ca-arrivecan\)](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19/splash-arrivecan.html?utm_campaign=not-applicable&utm_medium=vanity-url&utm_source=canada-ca-arrivecan) para sa karagdagang impormasyon.

Bago ka mag-board ng iyong flight, dapat mo gamitin ang ArriveCAN upang ibigay ang iyong:

- travel at contact information
- plano para sa quarantine
- sariling pag-aseso ng sintomas ng COVID-19

Oras na ibinigay mo na ang iyong impormasyon gamit ang ArriveCAN:

- mayroon kang makikitang resibo at ipapadala ito sa iyo sa email
- ipakita ang resibong ito sa isang Canadian border services officer pagdating mo sa Canada
- maari mo ipakita ang iyong resibo mula sa ArriveCAN mula sa:
  - app bilang isang screenshot
  - iyong email
  - isang printout

Malamang ay kailangan mo mag-mandatory quarantine para sa unang 14 araw pagdating mo sa Canada. Kailangan mong kausapin ang iyong employer tungkol sa plano para sa panahong ito bago ka dumating. Ang sumusunod ay impormasyon na kailangang ihanda mo bago ka umalis, at na maaring inspeksyunin ng officer pagdating mo:

- ang address ng lugar ng iyong quarantine (housing)
- isang numero ng telepono at email address upang makontak ka ng mga opisyal sa Canada
- impormasyon kung paano makokontak ang iyong employer
- ang work permit o port of entry (POE) letter of introduction na nagpapakita na naaprubahan ka para sa isang work permit. Ipakita ang iyong work permit o POE letter sa airline attendant. Ipinapakita ng dokumentong ito na pinahihintulutan kang magbiyahe papunta sa Canada sa panahon ng mga restriksyon sa biyahe

### **3-araw na requirement na mag-hotel**

- Ang karamihan ng mga nagbibiyaha papunta sa Canada ay dapat manatili sa isang Government-Approved Accommodation (hotel) nang 3 araw pagdating nila; kabilang dito ang ilang temporary foreign workers (TFWs)
- Ang mga nagbibiyaha ang mananagot para gawin ang kanilang hotel reservation at bayaran ang gastos para dito
  - Ang reservations ay maaring gawin toll-free sa loob ng North America kapag tumawag sa 1-800-294-8253 o kaya online sa [hotel booking \(https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/2019-novel-coronavirus-infection/latest-travel-health-advice/mandatory-hotel-stay-air-travellers/list-government-authorized-hotels-booking.html\)](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/2019-novel-coronavirus-infection/latest-travel-health-advice/mandatory-hotel-stay-air-travellers/list-government-authorized-hotels-booking.html)



- Kailangang asikasuhin at bayaran ng workers ang transportasyon mula hotel papunta sa lugar ng kanilang quarantine

### **3-araw na hotel stay - mga eksempsiyon**

- Ang mga TFW na may mga work permit sa agriculture, agri-food, at fish at seafood sectors ay exempted o hindi kailangang mag-stay sa hotel nang 3 araw. Tingnan ang listahan ng National Occupation Codes (NOC) sa ibaba. Sa halip nito, ang workers na ito ay didiretso sa kanilang lugar ng quarantine pagkatapos nila magpa-COVID-19 test sa airport
- Ang impormasyon tungkol sa iyong NOC ay nasa ilalim ng “Job Information” [Impormasyon tungkol sa Trabaho] sa page ng Employment Details ng iyong Labour Market Impact Assessment (LMIA) na sulat
- Ang workers sa mga trabahong (NOC Codes) exempted sa 3-araw na hotel stay ay:
  - 0821 - Mga manager sa agriculture
  - 0822 - Mga manager sa horticulture
  - 8252 - Agricultural service contractors, farm supervisors, at specialized livestock workers
  - 8255 - Contractors at supervisors, landscaping, grounds maintenance, at horticulture services
  - 8431 - General farm workers
  - 8432 - Nursery at greenhouse workers
  - 8611 - Harvesting labourers
  - 6331 - Butchers, meat cutters at fishmongers - retail at wholesale
  - 9461 - Process control at machine operators, food, beverage, at associated products processing
  - 9462 - Industrial butchers at meat cutters, poultry preparers at related workers
  - 9463 - Fish at seafood plant workers
  - 9617 - Labourers sa food, beverage at associated products processing
  - 9618 - Labourers sa fish at seafood processing

### **3-araw na hotel stay - pagbiyahe sa ibang province**

- Ang lahat ng mga TFW na may work permit sa mga trabahong nakalista sa itaas at na kailangang magpunta sa ibang province gamit ang pampublikong transportasyon (hal., mag-eroplano) ay kailangang mag-stay sa isang Government-Approved Accommodation [Lugar na Inaprubahan ng Pamahalaan] nang hanggang 3 gabi pagdating nila sa Canada habang hinihintay nila ang mga resulta ng kanilang COVID-19 test
- Ang mga employer at mga nag-aareglo ng biyahe ang siyang dapat gumawa ng hotel reservations bilang bahagi ng pagbiyahe, kung saan ito naaangkop. Ang workers na nasa mga trabahong (NOC Codes) nakalista sa itaas ay hindi kailangang mag-reimburse o magbayad para sa anumang mga gastos na ito



## Seksyon 3: Ano ang dapat malaman sa iyong pagdating at panahon ng quarantine sa Canada sa simula

### Ano ang maaasahang mangyari sa airport sa Canada

- Kung mayroon kang mga palatandaan ng COVID-19 pagdating mo, kokontakin ng mga opisyal ang isang quarantine officer at magsasagawa ang officer na ito ng mas detalyadong assessment. Kung kinakailangan, maaring gawin ng quarantine officer ang sumusunod:
  - mag-utos na dalhin ka sa ospital upang magpa-medical exam sabihin sa lokal na awtoridad ng public health / pampublikong kalusugan na maaring mayroon kang COVID-19
- Ang lahat ng mga nagbiyahe sa eroplano, kabilang ang mga TFW, ay kailangang magpa-COVID-19 molecular test pagdating nila sa Canada habang sila’y nasa airport
- Kailangan mo magpa-test muli, makaraan ng 8 araw ng iyong quarantine
- Bago ka umalis ng airport, bibigyan ka ng isang COVID-19 test kit at instructions kung paano gagawin ang test sa panahon ng iyong mandatory quarantine period
- Bibigyan ka ng karagdagang impormasyon pagdating mo

### Mga patnubay sa COVID-19 para sa quarantine

Ang karamihan ng workers ay dapat mag-quarantine nang 14 na araw. Ang workers lamang na itinuturing na “essential” ng Chief Public Health Officer ng Canada ang exempted dito (hal., healthcare workers, workers sa transportasyon ng mga medikal na produkto, truck drivers, crew sa eroplano, tren, at mga bapor). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TFW Program, kung ano ang maaasahan mula sa mga employer sa panahon ng COVID-19 pandemic, at madalas na katanungan, mangyaring bisitahin ang [TFW Program website](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/foreign-workers/notice-covid-19.html) (<https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/foreign-workers/notice-covid-19.html>).

Responsibilidad mong sundin ang COVID-19 guidelines na inisyu ng Pamahalaan ng Canada at ng province at territory kung saan ka maninirahan.

- Pag-alis mo sa airport, dapat kang mag-quarantine. Sa ilang mga kaso, ang quarantine ay gagawin mo sa mga designadong accommodation pagdating mo, at maaring hatiran ka ng pagkain
- Ang ibig sabihin ng quarantine ay:
  - dapat kang manatili sa iyong accommodations



- dapat mong iwasan ang kontak o ang makipagsalamuha sa ibang mga tao, at dapat ka laging magpanatili ng 2-metrong distansiya (physical distancing) mula sa iba (maliban kung kayo ay mga miyembro ng parehong pamilya at sabay kayong dumating)
- Sa unang 48 oras, dapat mong gamitin ang ArriveCAN upang komfirmahin na dumating ka sa iyong lugar ng quarantine
- Araw-araw sa panahon ng quarantine, dapat mong gawin ang isang araw-araw na COVID-19 symptom self-assessment [sariling pag-aseso ng sintomas ng COVID-19] sa ArriveCAN
- Sa ika-8 araw ng iyong quarantine, kailangan mong kumpletihin ang COVID testing kit

### **Ispesipikong impormasyon para sa accommodations na ibinahagi ng iyong employer**

Depende sa iyong kontrata, maaring kang bigyan ng iyong employer ng accommodation. Ito'y madalas na nangyayari para sa farm workers.

- Dapat ka bigyan ng iyong employer ng mga produktong panlinis
- Linisin at i-disinfect ang iyong accommodations at common areas [mga lugar na ginagamit ng lahat]. Kabilang dito ang mga ibabaw na ginagamit din ng ibang tao at na madalas na nahahawakan, tulad ng:
  - mga hawakan ng pinto
  - mga mesa
  - mga counter
  - mga lababo
  - mga gripo
  - TV remote, at
  - mga toilet
- Iba pang mga mahalagang bagay:
  - bawal ang mga bisita
  - manatili sa isang pribadong lugar, tulad ng iyong hardin o balkonahe, kung lalabas ka upang lumanghap ng sariwang hangin
  - madalas na hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at mainit-init na tubig nang kahit 20 segundo man lamang, o kaya'y gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng 60% alcohol man lamang
- Oras na nagsimula na ang iyong quarantine, walang bagong tao ang papayagang pumasok sa parehong accommodation kung saan ka nakatira, o kung saan nakatira ang iyong grupo
- Kung may bagong taong dumating sa iyong accommodations sa panahong ito, dapat kang magsimula muli ng panibagong quarantine period



## **Alamin ang mga responsibilidad ng iyong mga employer sa panahon ng quarantine period sa simula**

Dapat kang bayaran para sa panahon ng quarantine, at ito'y minimum na 30 oras bawat linggo, sa iyong regular na hourly rate [sahod para sa bawat oras]. Ang bayad na iyong matatanggap ay hindi isang advance at hindi mo kailangang bayaran ito sa ibang panahon. Ang requirement na ito ay umaaplay rin sa workers sa SAWP, at ang panahon ng may bayad na quarantine ay bukod pa sa minimum na 240 oras ng bayad, tulad ng nakapahayag sa kontrata ng SAWP.

Ang mga employer ay maaring gumawa ng mga regular na deduction o kaltas. Hindi sila pinahihintulatang gumawa ng anumang karagdagang deduction dahil sa quarantine period, maliban kung may kasunduang ginawa upang makuha nila muli ang mga ginastos para sa grocery.

Inaasahan ang mga employer na siguraduhing mayroon kang access sa mga kinakailangang bagay nang hindi sobrang pinataas ang mga presyo o nang hindi sobrang sumisingil ng dagdag na bayad.

Hindi ka dapat pigilan ng mga employer na ma-access ang mga kinakailangan mo sa buhay, tulad ng pagkain at iba pang mga basic na bagay. Kung kailangan mo ang tulong ng iyong employer o ng isang nagbibigay-suportang organisasyon upang makuha ang mga bagay na kinakailangan mo, hindi ka dapat pigilan ng iyong employer na humingi ng tulong.

Inaasahan ding siguraduhin ng mga employer na ang pagkain ay sariwa, mahusay na kalidad, at tumutugon sa iyong mga pangangailangan hinggil sa uri, variety, at dami nito.

## **Alamin ang iyong mga responsibilidad sa panahon ng quarantine period sa simula**

Sa ilalim ng kasalukuyang patnubay, ipinagbabawal ang magtrabaho ka sa panahon ng iyong quarantine period. Hindi ka maaring utusan ng iyong employer na gumawa ng ibang mga bagay, tulad ng pag-aayos sa building o mga administratibong gawain. Mangyaring bisitahin ang [TFW Program compliance webpage \(https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/foreign-workers/employer-compliance.html\)](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/foreign-workers/employer-compliance.html) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TFW Program, kung ano ang maaasahan mula sa mga employer sa panahon ng COVID-19 pandemic, at mga madalas na katanungan.

Kung nagsimula kang magkaroon ng mga sintomas (tulad ng lagnat) kahit kailan, pati pagkatapos ng quarantine period:

- dapat mo kaagad i-isolate ang iyong sarili nang husto mula sa iba, dapat mo kontakin ang mga opisyal ng local public health, at dapat mong sabihan ang iyong employer. Maari mo rin kontakin ang iyong consular official, kung gusto mo
- dapat ka bigyan kaagad ng iyong employer ng accommodations na magpapahintulot sa iyo na mag-isolate mula sa iba
- ang ibig sabihin nito'y dapat ka nilang bigyan ng iyong sariling bedroom at bathroom [tulugan at banyo] na hindi ginagamit ng sinomang iba sa panahon ng iyong isolation
- pananagutan ng iyong employer na tulungan kang makakuha ng medikal na pangangalaga, gamot, at pagkain sa panahon ng iyong isolation
- dapat mo at ng iyong employer sundin ang payo ng awtoridad ng local public health





- hindi ka dapat puwersahin ng iyong employer na magtrabho sa panahon ng iyong isolation. Kung pinuwersa ka nila, huwag pumayag na magtrabaho, at gamitin ang mga kontak sa Seksyon 8 upang ireport siya

Kapag kinokontak ang health services, ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- ang iyong mga sintomas
- kung saan ka nagbiyahe o nakatira (address ng accommodation)
- kung nagkaroon ka ng direct contact sa mga hayop (halimbawa, kung bumisita ka sa isang market o palengke na may mga buháy na hayop)
- kung nalapít ka sa isang may sakit na tao na may lagnat, ubo, o na nahihirapang huminga

Pagkatapos mo ibigay sa kanila ang impormasyon na ito, sasabihin nila sa iyo kung ano ang susunod na gagawin.

Mahamanap mo ang mga telepono at website ng health services sa iyong province o territory sa Seksyon 7.

### **Ikaw o ang iyong employer ay maaring humarap ng mga malubhang konsekwensiya kung ang alinman sa inyo ay hindi sumusunod sa COVID-19 requirements**

Maari kang multahan nang hanggang \$1,000,000, o maari kang mabilanggo, o multahan at mabilanggo, kung hindi ka sumunod sa COVID-19 procedures mula sa panahon ng iyong pagdating sa Canada. Bukod pa sa mga multa, maaring hindi ka na payagang pumasok muli sa Canada at maari kang paalisin sa bansa.

- Hindi ka maaring pigilan ng iyong employer na tuparin ang requirements sa ilalim ng Quarantine Act
- Maari ring humarap ng mga malubhang konsekwensiya ang mga employer kung hindi nila sinunod ang requirements
- Maari mong ligtas na ireport ang mga employer kapag tumawag ka sa kompidensyal na Government of Canada Tip Line (1-866-602-9448)
- Maari mo ring ligtas na ireport ang mga employer kapag tumawag ka sa mga numerong nasa Seksyon 8
- Magtago ng ebidensiya, tulad ng screenshots ng text messages, videos, o mga retrato kung hindi sumusunod sa batas ang iyong employer, tulad ng kung pinapagtrabaho ka niya, hindi ka niya binabayaran, o pinipigilan ka niyang makakuha ng pagkain.
- Kung binibigyan ka ng iyong employer ng housing, maari mo siyang ireport kung hindi ka niya binibigyan ng cleaning supplies, kung inilalagay ka niya sa housing kung saan ang mga kama ay hindi dalawang metro ang distansiya sa isa't-isa, o kung inilagay ka niya sa isang housing kasama ng workers na hindi nagka-quarantine
- Maari mo rin ireport ang mga employer kung hindi nila ina-isolate ang workers na may mga palatandaan o sintomas ng COVID-19.



## **Pag-ingatan ang iyong mental health / pangkaisipang kalusugan sa panahon ng quarantine at pandemic**

- Mainam ang manatiling up-to-date sa impormasyon, pero mag-break paminsan-minsan mula sa social media at mga balita
- Magpraktis ng physical distancing, pero manatiling konektado:
  - kausapin ang iyong mga kaibigan o pamilya tungkol sa iyong mga nararamdaman at mga alalahanin gamit ang email, telepono, video chats, at social media tulad ng Facebook
  - Kung wala kang access sa isang telepono o computer, subukang magsulat ng mga sulat sa iyong mga minamahal sa buhay
- Ilang beses na huminga nang malalim (paloob nang 3 segundo, palabas nang 3 segundo), magbanat ng katawan, o mag-meditate
- Subukang kumain ng mga pagkaing mabuti sa kalusugan, uminom ng tubig, madalas na mag-ehersisyo, at matulog nang sapat na oras
- Mag-focus sa mga positibong aspeto ng iyong buhay at sa mga bagay na makokontrola mo
- Mag-ingat sa sobrang pag-inom ng alak o cerveza o paggamit ng iba pang substances
- Maging mabait at mahabagin sa iyong sarili at sa iba

## **Seksyon 4: Ano ang dapat malaman para sa buong panahon ng iyong paninirahan sa Canada**

Ang impormasyon sa seksyon na ito ay magagamit mo para sa buong panahon ng iyong paninirahan sa Canada, pagkalipas ng iyong pangunahing panahon ng quarantine.

Para sa buong panahon ng iyong paninirahan sa Canada, upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, ikaw (at ang lahat ng Canadians) ay hinihiling na:

- sumunod sa mga patakaran sa kalusugan sa iyong lugar; maaring kasama rito ang manatili sa tahanan maliban kung kailangan mo pumasok sa trabaho
- iwasan ang lahat ng mga non-essential trip (hindi kailangang gawin) sa iyong komunidad
- panatilihin maliit ang iyong grupo ng mga kaibigan, at huwag magtipon-tipon sa mga grupo
- kapag may mga tao sa iyong paligid, laging magsuot ng mask na tumatakip sa iyong bibig at ilong
- limitahan ang iyong kontak o pakikisalamuha sa mga taong may mas malaking risk, tulad ng mga matatanda at mga taong hindi mabuti ang kalusugan
- lumabas upang mag-ehersisyo pero manatiling malapit sa tahanan

Kung aalis ka sa iyong tahanan, laging magpanatili ng kahit 2 dipa lamang (humigit-kumulang sa 2 metro) na distansiya mula sa iba. Ang mga taong kasama mo sa tirahan ay hindi kailangan magdistansiya mula sa isa't-isa maliban kung sila'y may sakit o nagbiyahe sa nakaraang 14 na araw.

Mangyaring tandaan na ang mga employer ay dapat sumunod sa lahat ng mga federal, provincial, at territorial na regulasyon at batas na nauukol sa employment. Sa ilalim ng TFW Program, ang mga employer ay walang awtoridad na limitahan ang iyong kalayaang kumilos. Tulad ng lahat ng workers, pinahihintulutan kang lumabas para mag-asikaso ng mga bagay, mag-access ng mga



serbisyo, at mag-enjoy ng iyong time-off sa trabaho kung hindi ka naka-quarantine, naka-self-isolate, o hindi bawal na gawin ito alinsunod sa mga batas at utos ng pamahalaan.

Ang lahat ng provinces ay may sarili nilang mga restriksyon hinggil sa COVID-19. Mangyaring bisitahin ang website ng province kung saan ka naninirahan upang malaman kung ano ang mga maaring gawin o hindi maaring gawin. Ang mga website ay nakalista sa seksyon 7.

Kung ikaw ay nagkasakit, mangyaring sundin ang payo na kasalukuyang ibinibigay sa Seksyon 3.

**Tandaan:** Habang ikaw ay nasa Canada, mahalagang irekord/nalalaman mo ang mga oras na trinabaho mo.

## **Ano ang Social Insurance Number at bakit kailangan mo nito**

Ang Social Insurance Number (SIN) ay isang 9-digit na numerong kailangan mo upang magtrabaho sa Canada. Ang SIN ay iniisyu sa iisang tao lamang at hindi ito legal na magagamit ng sinomang iba.

## **Ano ang kailangan mo upang mag-apply para dito**

Dapat kang mag-apply online para sa iyong SIN, maliban kung dumating ka bilang bahagi ng Seasonal Agricultural Worker Program (SAWP) at tinutulungan ka ng isang organisasyon.

Upang mag-apply online para sa iyong SIN, dapat mayroon kang 3 man lamang nitong mga dokumentong ito:

- Isang valid na pangunahing ID na nagpapatunay ng iyong identidad at legal status sa Canada, tulad ng:
  - Permanent Resident Card (PR card) na inisyu ng IRCC
  - work o study permit na inisyu ng IRCC na nagpapahayag na ikaw ay “May accept employment” (Maaring tumanggap ng trabaho) o kaya “May work in Canada” (Maaring magtrabaho sa Canada)
  - kompirasyon ng Permanent Residence na inisyu ng IRCC
- Isang valid na pangalawang dokumento ng ID na nagpapatunay ng iyong identidad, tulad ng isang pasaporte o provincial o territorial ID:
  - pasaporte mula sa ibang bansa
  - health card
  - driver’s licence
- Katunayan ng address ng iyong tirahan habang nagtrabaho ka sa Canada (hindi ang lokasyon ng iyong quarantine) na mayroong iyong pangalan at address
  - Employment contract na mayroong iyong pangalan at address
  - Sulat mula sa isang organisasyon/institusyon/employer na nagpapatunay ng iyong address at na pinirmahan mo at ng isang kinatawan ng organisasyon/institusyon o ng employer



\*Tandaan: Ang iyong address ay dapat tumutugma sa address na nasa dokumentong nagpapatunay ng iyong address. Mahalaga ring i-type ang iyong mga pangalan tulad ng makikita sa iyong pangunahing ID na dokumento.

Maaring mangailangan ng pansuportang dokumento kung ang pangalang nakapahayag sa iyong pangunahin o pangalawang dokumento ay naiiba sa pangalang kasalukuyan mong ginagamit.

### **Saan mag-aaplay para sa isang SIN**

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga dokumentong kinakailangan upang mag-apply para sa isang SIN, bisitahin ang [Mag-apply para sa isang Social Insurance Number webpage \(https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/apply.html\)](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/apply.html)
- Isumite online ang iyong aplikasyon para sa SIN sa loob ng isang secure at protektadong environment gamit ang [eSIN portal \(https://sin-nas.canada.ca/en/Sin/\)](https://sin-nas.canada.ca/en/Sin/)

## **Seksyon 5: Suporta sa income sa panahon ng COVID-19**

Hindi maaring tapusin o itigil ng iyong employer ang iyong kontrata kung nagkasakit ka ng COVID-19. Dahil sa COVID-19 pandemic, nag-aalok kami ng mga pinansiyal na suporta. **Maaring maging eligible ka para sa income support kung ikaw ay na-layoff o kung nagkasakit ka ng COVID-19.** Kung nagkasakit ka pagkatapos ng iyong pangunahing panahon ng quarantine, maaring karapat-dapat kang makakuha ng may bayad o walang bayad na sick leave, depende sa iyong kontrata sa trabaho at sa mga nauugnay na federal, provincial, o territorial na pamantayan sa trabaho. Tawagan ang employment standards office o bisitahin ang kanilang website para sa karagdagang impormasyon. Mahahanap mo ang mga numero ng telepono at mga website sa Seksyon 8. Mangyaring tandaan na dapat kang bayaran ng mga employer para sa quarantine period at mas matagal sa 14 na araw sa simula kung nagkaroon ka ng mga sintomas o nalantad ka sa isang taong nagkaroon ng mga sintomas. Pagkatapos ng panahong ito, hindi ka kailangang bayaran ng mga employer kung nagkasakit ka. Gayunman, may mga income support na available sa iyo kung nagkasakit ka.

### **Kung kailangan mo ng pinansyal na tulong**

#### **Employment Insurance (EI)**

Ang EI ay nagbibigay ng regular benefits sa mga indibidwal na nawalan ng trabaho at hindi nila ito kasalanan, at sila'y available na magtrabaho at makakapagtrabaho, pero hindi sila [makahanap ng trabaho \(https://www.canada.ca/en/services/jobs/opportunities.html\)](https://www.canada.ca/en/services/jobs/opportunities.html). Kung mayroon kang insurable employment, dapat kang mag-apply sa EI upang malaman mo kung ikaw ay eligible.

Maaring eligible ka para sa:

- EI Regular benefits: kung nawalan ka ng trabaho at hindi mo ito kasalanan, o kaya
- EI Sickness benefits: kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa sakit, pinsala, o quarantine (maliban kung ito ang mandatory quarantine period sa simula).



- EI Maternity/Parental/Caregiving benefits. Mangyaring bisitahin ang [EI webpage \(https://www.canada.ca/en/services/benefits/ei.html\)](https://www.canada.ca/en/services/benefits/ei.html) para sa karagdagang impormasyon.

Paunawa: Ang iyong employment ay “insurable employment” kung kinakaltasan ang iyong paycheque para sa EI.

Mangyaring bisitahin ang [EI portal \(https://www.canada.ca/en/services/benefits/ei.html\)](https://www.canada.ca/en/services/benefits/ei.html) upang mag-apply.

Kung hindi ka kwalipikado para sa EI, maaring eligible ka para sa bagong Canada Recovery Benefits (CRB) na kasalukuyang may bisa hanggang sa Setyembre 25, 2021.

### **Canada Recovery Sickness Benefit (CRSB)**

Ang Canada Recovery Sickness Benefit (CRSB) ay magbibigay ng \$500 bawat linggo (taxable, tax deducted sa source) nang hanggang 4 na linggo para sa workers na hindi makapagtrabaho nang kahit man lamang 50% ng linggo dahil sila’y nagka-COVID-19, nag-self-isolate para sa mga dahilang may kinalaman sa COVID-19, o may ibang mga kondisyon, nagpapagamot, o nagkaroon ng ibang mga sakit na sa opinyon ng isang doktor, nurse, tao sa awtoridad, awtoridad ng pamahalaan o pampublikong kalusugan, ay ibig sabihing mas madali silang maaring magka-COVID-19. Ang benefit na ito ay babayaran kada linggo.

Paunawa: Hindi mo kailangang kunin ang iyong EI benefits bago ka mag-apply para sa Canada Recovery Sickness Benefit. Gayuman, hindi mo maaring kunin ang EI at Recovery Benefits, o ano pa mang paid leave nang sabay-sabay.

Maaring eligible ka para sa CRSB kung ikaw ay:

- nakatira sa Canada (pati na habang ikaw ay nasa Canada at mayroon kang valid na work permit at SIN)
- hindi magkapagtrabaho nang kahit man lamang 50% ng iyong nakaiskedyul na linggo ng trabaho dahil ikaw ay nags-self-isolate dahil sa COVID-19 (dahil ikaw ay may sakit, o maaring may sakit, o pinayuhang mag-self-isolate)
- hindi tumatanggap ng anumang ibang benefits (CRB, EI) o paid leave mula sa iyong employer para sa parehong panahon
- nagkaroon ng employment at/o self-employment income ng kahit man lamang \$5,000 noong 2019 o 2020, o sa 12 buwan mula sa petsa kung kailan ka nag-apply

[Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Canada Recovery Sickness Benefit \(https://www.canada.ca/en/revenue-agency/services/benefits/recovery-sickness-benefit.html\)](https://www.canada.ca/en/revenue-agency/services/benefits/recovery-sickness-benefit.html)

### **Canada Recovery Benefit (CRB)**

Ang Canada Recovery Benefit (CRB) ay magbibigay sa eligible workers ng \$500 bawat linggo (taxable, tax deducted sa source) nang hanggang 38 linggo para sa mga huminto sa trabaho at hindi eligible para sa EI, o kung ang kanilang suweldo sa kanilang employment/self-employment ay nabawasan nang kahit man lamang 50% dahil sila’y nagka-COVID-19. Ang benefit na ito ay babayaran kada dalawang linggo.

Maaring eligible ka para sa CRB kung ikaw ay:





- nakatira sa Canada (pati na habang ikaw ay nasa Canada at mayroon kang valid na work permit at SIN)
- huminto sa trabaho para sa mga dahilang may kinalaman sa COVID-19, o ikaw ay available at naghahanap ng trabaho alinsunod sa mga kondisyon ng iyong work permit, o kung ikaw ay nagtrabaho at nabawasan ang iyong suweldo sa employment/self-employment para sa mga dahilang may kinalaman sa COVID-19
- hindi eligible para sa EI
- nagkaroon ng employment at/o self-employment income ng kahit man lamang \$5,000 noong 2019 o 2020, o sa 12 buwan bago ng petsa kung kailan ka nag-apply, at
- hindi kusang-loob na nag-quit sa iyong trabaho

Tandaan: Hindi ka magiging eligible para sa CRB para sa quarantine period sa simula dahil babayaran ng iyong employer ang iyong salary sa panahong iyon, kaya't mangyaring huwag mag-apply para sa panahong iyon.

Ang workers ay maaring tumanggap ng iisang uri ng benefit lamang bawat beses.

[Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Canada Recovery Benefit \(https://www.canada.ca/en/revenue-agency/services/benefits/recovery-benefit.html\)](https://www.canada.ca/en/revenue-agency/services/benefits/recovery-benefit.html)

Ang Canada Revenue Agency (CRA) ang nangangasiwa sa Canada Recovery Benefits, at ang workers ay maaring mag-apply sa pamamagitan ng CRA. Ang pinakamabuting paraan upang mag-apply para sa alinman sa recovery benefits ay online, gamit ang Ang Aking Account. Gayunman, ang workers na walang access sa internet ay maaring mag-apply gamit ang automated bilingual (Ingles at Pranses) toll-free phone lines ng CRA: 1-800-959-2019  o kaya 1-800-959-2041 . Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply para sa recovery benefits, mangyaring bisitahin ang [COVID-19 Benefits and Services webpage \(https://www.canada.ca/en/services/benefits/covid19-emergency-benefits.html\)](https://www.canada.ca/en/services/benefits/covid19-emergency-benefits.html).

### **Goods and services tax/harmonized sales tax (GST/HST) credit**

Maaring eligible ka para sa GST/HST credit payment bawat quarter / apat na buwan: Ang iyong eligibility at halaga ng bayad ay tinitiyak batay sa impormasyon na ibinigay mo sa iyong pinakabagong income tax at benefit return. Upang makuha ang GST/HST credit, dapat kang mag-file ng income tax, kahit na hindi ka tumanggap ng income sa taon.

## **Seksyon 6: Pagpapalit ng trabaho**

Kung nagpalit ka ng trabaho o mga employers at kailangan mo ng bagong employer-specific na work permit, ang Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) ay nagsagawa ng ilang pansamantalang pampublikong patakaran na makakatulong sa iyo na mabilis na magsimulang magtrabaho.

Kung mayroon kang employer-specific work permit at nais mong magpalit ng trabaho o mga employer, maari kang mag-apply para sa isang [bagong employer-specific work permit mula sa loob ng Canada \(https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/work-canada/permit/temporary/extend/change-jobs-employers.html\)](https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/work-canada/permit/temporary/extend/change-jobs-employers.html). Dahil sa COVID-19, ang iyong



aplikasyon para sa work permit ay maaring i-expedite o gawing mas mabilis, at maaring hindi ka kailangang maghintay hanggang naaprubahan ang iyong aplikasyon para sa work permit upang simulan ang iyong trabaho o upang magtrabaho para sa isang bagong employer. Kailangan mo lamang ng email mula sa IRCC na nagsasabing mayroon kang permisong magpalit ng trabaho.

Kung ikaw ay dating TFW at ang iyong status bilang worker ay nag-expire, maaring mag-apply ka upang ibalik ang iyong status. Kung nag-apply kang [ibalik ang iyong temporary resident status bilang isang worker na may employer-specific work permit](https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/coronavirus-covid19/restoration-extension-trv.html#applied) (<https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/coronavirus-covid19/restoration-extension-trv.html#applied>), maaring eligible kang mag-request na magtrabaho habang hinihintay mong maproseso ang iyong aplikasyon.

Sa karaniwan ay hindi maaring mag-apply ang mga bisita para sa mga work permit mula sa loob ng Canada. Dahil sa COVID-19, ang mga bisita ay maari na ngayon [mag-apply online para sa isang employer-specific work permit](https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/work-canada/permit/temporary/after-apply-next-steps.html#visitor) (<https://www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/work-canada/permit/temporary/after-apply-next-steps.html#visitor>). Kung ikaw ay bisita na nag-apply para sa isang employer-specific work permit sa Canada at humawak ka ng work permit sa nakaraang 12 buwan, maari mong hilingin ang IRCC na pahintulutan kang magtrabaho habang prinoproseso ang iyong aplikasyon.

## Seksyon 7: Mga makokontak kung may mga katanungan o kung nangangailangan ng tulong na may kinalaman sa COVID-19

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang [COVID-19 information webpage](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19.html?utm_campaign=not-applicable&utm_medium=vanity-url&utm_source=canada-ca_coronavirus) ([https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19.html?utm\\_campaign=not-applicable&utm\\_medium=vanity-url&utm\\_source=canada-ca\\_coronavirus](https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19.html?utm_campaign=not-applicable&utm_medium=vanity-url&utm_source=canada-ca_coronavirus)).

Ang bawat province at territory sa Canada ay may kani-kanyang sistema ng health care. Ang mga taong nagtrabaho para sa health care system sa province o territory kung saan ka nakatira ay makakatulong sa iyo kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan. Maari mo silang kontakin.

### Paano kokontakin ang health service at paano makakuha ng impormasyon

#### ➤ Province o Territory

##### British Columbia

- [British Columbia website](http://www.bccdc.ca/covid19) (<http://www.bccdc.ca/covid19>)
- Telepono: 811

##### Alberta

- [Alberta website](http://www.saskhealthauthority.ca/) (<http://www.saskhealthauthority.ca/>)



- Telepono: 811

### **Manitoba**

- [Manitoba website \(http://www.manitoba.ca/covid19\)](http://www.manitoba.ca/covid19)
- Telepono: 1-888-315-9257

### **Ontario**

- [Ontario website \(http://www.ontario.ca/coronavirus\)](http://www.ontario.ca/coronavirus)
- 1-866-797-0000

### **Quebec**

- [Quebec website \(http://www.quebec.ca/en/coronavirus\)](http://www.quebec.ca/en/coronavirus)
- 1-877-644-4545

### **New Brunswick**

- [New Brunswick website \(http://www.gnb.ca/publichealth\)](http://www.gnb.ca/publichealth)
- 811

### **Nova Scotia**

- [Nova Scotia website \(http://www.nshealth.ca/public-health\)](http://www.nshealth.ca/public-health)
- 811

### **Prince Edward Island**

- [Prince Edward Island website \(http://www.princeedwardisland.ca/covid19\)](http://www.princeedwardisland.ca/covid19)
- 811

### **Newfoundland and Labrador**

- [Newfoundland and Labrador website \(http://www.gov.nl.ca/covid-19\)](http://www.gov.nl.ca/covid-19)
- 811 o kaya 1-888-709-2929

### **Nunavut**

- [Nunavut website \(http://www.gov.nu.ca/health\)](http://www.gov.nu.ca/health)
- 1-867-975-5772

### **Northwest Territories**

- [Northwest Territories website \(https://www.hss.gov.nt.ca/en\)](https://www.hss.gov.nt.ca/en)
- 911

## **Mga organisasyon na nagsusuporta sa migrant workers**

Pinopondohan naming ang community organizations upang suportahan ang workers na naapektohan ng COVID-19. Ang mga organisasyon na ito ay maaring magbigay ng payo at suporta,





interpretation (pagsasalin sa ibang wika), workshops, mga oportunidad na magtatag ng mga koneksyon sa komunidad, at marami pang iba.

- Para sa workers sa British Columbia:
  - Ang [Community Airport Newcomers Network](https://www.yvr.ca/en/passengers/navigate-yvr/customs-and-immigration/community-airport-newcomers-network) (<https://www.yvr.ca/en/passengers/navigate-yvr/customs-and-immigration/community-airport-newcomers-network>) ang sasalubong sa iyo sa Vancouver International Airport, magbibigay sa iyo ng impormasyon, at mag-aalok sa iyo ng orientation session. Sa iyong package, may makikita kang listahan ng mga organisasyon na nagbibigay-suporta.
  - Ang [MOSAIC](https://www.mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers/) (<https://www.mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers/>), isa pang pinopondohang organisasyon, ay nag-aalok ng mga serbisyo sa migrant workers at makokonekta ka nila sa support organizations malapit sa iyo.
- Para sa workers sa Alberta, Saskatchewan, at Manitoba
  - Ang [Calgary Catholic Immigration Society](https://www.ccisab.ca/) (<https://www.ccisab.ca/>) ay nag-aalok ng mga serbisyo sa migrant workers at makokonekta ka nila sa support organizations malapit sa iyo.
- Para sa workers sa Ontario, Nova Scotia, New Brunswick, Prince Edward Island, at Northwest Territories:
  - Ang [Kairos](https://www.kairoscanada.org/what-we-do/migrant-justice/etfw) (<https://www.kairoscanada.org/what-we-do/migrant-justice/etfw>) ay nag-aalok ng serbisyo sa migrant workers at makokonekta ka nila sa support organizations malapit sa iyo.
- Para sa workers sa Quebec
  - Ang [Immigrant Québec](https://infotetquebec.com/en/) (<https://infotetquebec.com/en/>) ay may website para sa mga TFW. May listahan ng support organizations sa ilalim ng tab na “Who can help?” (Sino ang Makakatulong?).

At maari mo ring bisitahin ang [Migrant Worker Hub website](https://migrantworkerhub.ca/) (<https://migrantworkerhub.ca/>) upang humanap ng resources na makakatulong sa iyo. Bagamat ang ilang impormasyon ay may kinalaman sa British Columbia lamang, ang karamihan ay naaangkop, saan ka man nagtratrabaho at nakatira sa Canada. Ang resources ay may:

- maiikling video
- webinars
- e-learning
- info sheets




## Seksyon 8: Mga makokontak upang ireport ang iyong employer dahil hindi niya nirerespeto ang COVID-19 requirements

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TFW Program, kung ano ang maaasahan mula sa mga employer sa panahon ng COVID-19 pandemic, at mga madalas na katanungan, mangyaring bisitahin ang [worker rights page ng TFW Program \(https://www.canada.ca/en/employment-social-development/campaigns/foreign-worker-rights.html\)](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/campaigns/foreign-worker-rights.html)<https://www.canada.ca/en/employment-social-development/campaigns/foreign-worker-rights.html>.



Ang lahat ng mga dokumento ay available sa Pranses, at ang ilan ay available din sa Espanyol.

Gamitin ang kompidensyal na Tip Line ng Pamahalaan ng Canada (1-866-602-9448 ) kung ginagawa ng iyong employer ang sumusunod:

- pinupwersa ka niyang magtrabaho sa panahon ng quarantine period sa simula
- hindi ka niya sinusuwelduhan sa panahon ng quarantine period sa simula
- hindi ka niya binibigyan ng cleaning supplies sa panahon ng quarantine period sa simula (naaangkop lamang kung ang iyong employer ang nagbigay sa iyo ng housing).
- sumasagabal siya sa quarantine requirements (halimbawa, pinipigilan kang bumili o kumuha ng groceries, atbp.)
- pinagsasama niya sa housing ang workers na naka-quarantine at mga workers na hindi naka-quarantine
- hindi niya ina-isolate at binibigyan ng pribadong kuwarto at bathroom ang worker na may mga palatandaan/sintomas (naaangkop lamang kung ang iyong employer ang nagbigay sa iyo ng housing)
- hinahadlangan ka niyang sundin ang mga tagubilin ng mga opisyal ng public health / pampublikong kalusugan
- pinipigilan ka niyang lumabas para mag-asikaso ng mga bagay, mag-access ng mga serbisyo, at mag-enjoy ng iyong time-off sa trabaho kung hindi ka naka-quarantine o nagese-self-isolate

Maari mong ireport ang iyong employer gamit ang multi-lingual/nasa iba't-ibang wikang [Online Fraud Reporting Tool \(https://www.canada.ca/en/employment-social-development/corporate/transparency/access-information/prevention-signalement-fraude/report-online-fraud.html\)](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/corporate/transparency/access-information/prevention-signalement-fraude/report-online-fraud.html).

Maari mo rin sabihan ang RCMP, ang local law enforcement/pulis, at lokal na mga awtoridad sa kalusugan.

### Mga tanggapan para sa kalugusan at kaligtasan ng lugar ng trabaho

Tumawag kung ang iyong employer ay may pinapagawa sa iyong mapanganib na trabaho, kung ang mga kondisyon sa iyong lugar ng trabaho ay hindi safe o hindi ligtas, o kung ikaw ay nasaktan o nagkasakit dahil sa iyong trabaho.



**Federal Labour Program (tumawag kung ikaw ay nasa isang pederal na reguladong lugar na trabaho): 1-800-641-4049**

**British Columbia**

1-888-621-7233

**Alberta**

1-866-415-8690

**Saskatchewan**

1-800-567-7233

**Manitoba**

1-855-957-7233

**Ontario**

1-877-202-0008

**Québec**

1-844-838-0808

**New Brunswick**

1-800-222-9775

**Nova Scotia**

1-800-952-2687

**Prince Edward Island**

1-800-237-5049

**Newfoundland and Labrador**

1-800-563-5471

**Yukon**

1-800-661-0443

**Northwest Territories**

1-800-661-0792

**Nunavut**

1-877-404-4407



## Mga tanggapan ng employment standards

Tumawag kung hindi ka wastong binabayaran ng iyong employer, kung may tao sa trabaho na hindi nagtratrato sa iyo nang makatwiran, o kung hindi sinusunod ng iyong employer ang iyong kontrata.

**Federal Labour Program (tumawag kung ikaw ay nasa isang pederal na reguladong lugar na trabaho): 1-800-641-4049**

### **British Columbia**

1-833-236-3700

### **Alberta**

1-877-427-3731

### **Saskatchewan**

1-800-667-1783

### **Manitoba**

1-800-821-4307

### **Ontario**

1-800-531-5551

### **Québec**

1-800-265-1414

### **New Brunswick**

1-888-452-2687

### **Nova Scotia**

1-888-315-0110

### **Prince Edward Island**

1-800-333-4362

### **Newfoundland and Labrador**

1-877-563-1063

### **Yukon**

1-800-661-0408, extension 5944

### **Northwest Territories**

1-888-700-5707

### **Nunavut**

1-877-806-8402

Kung sa palagay mo'y ikaw ay inaabuso, o ikaw ay nanganganib na abusuhin ng iyong employer, maaring eligible kang mag-apply para sa isang **open work permit para sa vulnerable workers**.





Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [vulnerable workers web page ng IRCC \(http://www.canada.ca/vulnerable-foreign-workers\)](http://www.canada.ca/vulnerable-foreign-workers).

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, mangyaring bisitahin ang [Foreign Worker Rights web page \(https://www.canada.ca/en/employment-social-development/campaigns/foreign-worker-rights.html\)](https://www.canada.ca/en/employment-social-development/campaigns/foreign-worker-rights.html).

